Port of Seattle

Makipag-ugnayan: Perry Cooper

Para sa Agarang Paglalathala
Setyembre 22, 2025

**May $500,000 na Pondo mula sa Port para sa Pagpapaunlad ng Kapaligiran ng Komunidad**

*Maaaring mag-apply hanggang Oktubre 31*

Tumatanggap na ang Port of Seattle ng mga aplikasyon mula sa mga organisasyong nakabase sa komunidad para sa mga proyektong naglalayong mapabuti ang kapaligiran sa mga komunidad na matagal nang kulang ang representasyon sa paligid ng Seattle-Tacoma International Airport (SEA) at South King County, hanggang Beacon Hill, Rainier Valley, at sa Duwamish Valley.

Mayroong $500,000 na available sa kasalukuyang cycle ng pondo ng South King and Port Communities Fund (dating South King County Community Impact Fund) Environmental Improvement Program (EIP). Maaaring mag-apply ang mga organisasyon ng hanggang $20,000 para sa isang taong pagpopondo at hanggang $60,000 para sa ilang taong pagpopondo (hanggang tatlong taon). Ang mga organisasyong nakabase sa komunidad na may 501(c)3, 501(c)6 o fiscal sponsor na may 501(c)3 or 501(c)6 ay kuwalipikadong mag-apply. Ang mga proposal ay dapat maipasa bago mag-12 p.m. PST Oktubre 31, 2025.

Sa pamamagitan ng Environmental Improvements Program (EIP), na dating Environmental Grants Program, inaanyayahan ang mga grupong pangkomunidad na mag-apply para sa pagpopondo ng mga gawaing tulad ng:

- Rehabilitasyon ng kapaligiran at parke at pagtatanim ng puno
- Mga programang pang-edukasyon sa kalikasan
- Mga pagpapaganda sa parke o palaruan
- Pagkakabit ng pampublikong art na nakatuon sa kapaligiran

Ang pagpopondo at pakikipagtulungan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad ay bahagi ng pagsisikap ng Port na paunlarin ang mga green space, ibalik ang mga kagubatan, at pagandahin ang kalidad ng pamumuhay sa mga komunidad sa paligid ng paliparan. Naaapektuhan ang mga komunidad sa South King County ng napakalaking pinsalang pangkapaligiran dahil na rin sa mahabang kasaysayan ng di-wastong paggamit sa lupa at sapilitang paglikas dahil sa kahirapan, na siyang nagtulak sa mga napabayaang komunidad na lumipat patimog.

"Ang pagpopondong ito ay tumutulong sa paglikha ng mas malinis, mas luntian, at mas ligtas na mga pampublikong lugar na mae-enjoy at maipagmamalaki ng lahat — napapatibay talaga nito ang komunidad. Matagumpay kaming nakapagtanim ng mahigit 200 puno at palumpong, nag-alis ng invasive species, at naglagay ng mga recycling bin at mga karatulang pang-edukasyon sa buong parke. Nasa tabi mismo ng parke ang opisina namin, at ipinagmamalaki at masaya kaming makitang mas nagiging luntian at malinis ang parke araw-araw—nagbibigay ito ng inspirasyon sa team namin at nagdadala ng saya sa lokal na mga pamilya," sabi ni Armaye Eshete, Executive Director ng Serve Ethiopians Washington.

**Pagpapalawak ng impact sa 2025 at sa hinaharap**

Noong 2024, muling inaprubahan ng Port of Seattle Commission ang $14 na milyong pondo, itinaas mula sa $10 milyon sa nakaraang limang taon, para ipagpatuloy ang mga proyektong pangkomunidad sa ilalim ng South King and Port Communities Fund (SKPCF) na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay, pagpapabuti ng kapaligiran, at access sa trabaho sa mga industriyang may kaugnayan sa port. Mula nang ilunsad ito noong 2020, napaganda ng programang ito amg pakikipagtulungan ng Port sa mga komunidad para mapabuti ang access sa mga oportunidad sa pagpopondo. Ang mga investment ng SKPCF ay nagbunga ng mga bagong pakikipagtulungan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad at nasa ilalim ng BIPOC, at nagpalakas ng suporta para sa mga komunidad ng may-kulay na matagal nang naisasantabi.

Kasama sa mga update para sa 2025–2029 na cycle ng pagpopondo:

- Pagpapababa ng match requirement para sa mga organisasyong tatanggap mula 3:1 patungong 2:1, alinsunod sa batas ng estado ng Washington
- Pagpapalawak ng mga kuwalipikadong rehiyon para isama ang mga lugar sa South King County, Duwamish Valley, at Beacon Hill na kinilala ng Equity Index ng Port of Seattle bilang may kakulangan sa oportunidad
- Patuloy na pagbibigay-priyoridad sa mga pagsisikap ng Port para sa anim na lunsod na kalapit ng paliparan at sa pagtukoy kung paano mabibigyang-priyoridad ang mga aplikasyon para sa mga proyekto sa mga lunsod na ito

"Ang muling pag-apruba at pinalawak na pagpopondo ng South King and Port Communities Fund ay nagpapakita ng aming taos-pusong pagtutok sa kalusugan at sigla ng rehiyong ito," ayon kay Toshiko Hasegawa, Pangulo ng Port of Seattle Commission. "Sa pagpapalawak ng kuwalipikasyon para maisama ang mga komunidad na kulang ang representasyon sa South

King County at South Seattle, at pagbawas ng hadlang gaya ng match requirement para sa mga organisasyon, binubuksan natin ang pinto para mas maraming komunidad ang magkaroon ng direktang access sa mga mapagkukunan at umasenso."

**Paano mag-apply**

Bisitahin ang [Environmental Improvements Program] web page para:

- Sagutan ang self-assessment para malaman kung kuwalipikado
- Malaman ang proseso ng pag-apply at mga kinakailangang materyal
- Tingnan ang mga dating pinondohang proyekto
- Magpasa ng aplikasyon para sa pagpopondo
- Mag-sign up para sa mga update ng programa

**Tungkol sa South King and Port Communities Fund (SKPCF)**

Itinatag ng Port ang South King County Community Impact Fund (na ngayon ay South King and Port Communities Fund) noong 2019 para bumuo ng mga pakikipagtulungang nakabatay sa pagkakapantay-pantay at maglaan ng mga mapagkukunan at suporta para sa mga komunidad malapit sa paliparan na may iba't ibang etniko at kultura, at matagal nang hindi nabibigyan ng sapat na serbisyo. Mula 2020 hanggang 2024, naglunsad ang SKCCIF ng apat na cycle ng Economic Recovery (na ngayon ay Economic Opportunities for Communities) at Environmental Grants (na ngayon ay Environmental Improvement) na mga programa para pondohan ang mga proyekto ng komunidad na nagtataguyod ng pagsasanay at maayos na kabuhayan, at pondohan ang pagpapaganda ng kapaligiran. Mula nang itatag ang pondo, mahigit 50 organisasyon na ang nakatanggap ng kabuuang $9.25 milyon, na nagpondo sa mahigit 80 proyekto.

###

**Tungkol sa Port of Seattle**

*Itinatag noong 1911 sa pamamagitan ng boto ng mamamayan bilang isang pamahalaang may espesyal na layunin, misyon ng Port of Seattle na isulong ang mga oportunidad pang-ekonomiya at ang kalidad ng buhay sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapalago ng kalakalan, biyahe, komersiyo, at paggawa ng mga trabaho sa paraang patas, may pananagutan, at makakalikasan.*

Port of Seattle

Makipag-ugnayan: Perry Cooper

*Pag-aari at pinapatakbo ng Port ang Seattle-Tacoma International Airport (SEA), Fishermen's Terminal — tahanan ng North Pacific fishing fleet — at mga pampublikong marina. Pag-aari din ng Port ang dalawang terminal ng cruise ship, isang grain terminal, mga ari-arian sa real estate, at mga terminal ng kargamentong pandagat sa pamamagitan ng pakikipagtulungan nito sa Northwest Seaport Alliance.*

*Tumutulong ang mga operasyon ng Port sa pagsuporta ng halos 200,000 trabaho at $7 bilyon sa sahod sa buong rehiyon. Sa susunod na 13 taon, layunin ng Century Agenda ng Port na gumawa ng karagdagang 100,000 trabaho sa pamamagitan ng pagpapalago ng ekonomiya, habang nagsisikap manguna sa bansa bilang isang port na makakalikasan at matipid sa kuryente. Matuto nang higit sa* website ng Port.